
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 5

## Hanapin Mo!




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## *Alamin*

Kumusta?

Naalala mo ba ang aklat na tumulong sa iyo upang ibigay ang pormal na depinisyon ng mga salita?

Tama! Diksiyonaryo nga ang tawag sa aklat na iyon.

Naibibigay ng diksiyonaryo ang kahulugan ng mga salitang mahirap maunawaan. Subalit, mabilis mo bang nahahanap ang mga salita dito?

Kung nahirapan ka mang humanap ng mga salita sa diksyonaryo noon, hindi na ngayon! Totoo! Madali na lang.

Iyan ang ating tutuklasin sa araling ito: kung paano ngang mapabibilis mo ang paghahanap ng mga bagong talasalitaan.



Simulan mo na.

Sa modyul na ito, inaaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan:

Nagagamit nang wasto ang diksiyonaryo; at

Naibibigay ang kahulugan ng salita ayon sa diksiyonaryong kahulugan.



## *Subukin*

*Subukin mo ito.*

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Gusto mong alamin ang tamang kahulugan ng salitang **kalayaan**, saan bahagi ng pahina mo ito makikita?
   A. baybay na salita
   B. pamatnubay na salita
   C. katuturan
   D. bahagi ng pananalita

2. Anong salita naman ang maaari mong makita sa loob ng gabay na salitang **talos-tanod**?
   A. talampas
   B. takbo
   C. trak
   D. tamad

3. Sa paghahanap ng salita, anong bahagi ng diksyunaryo ang makatutulong sa iyo?
   A. pamatnubay na salita
   B. kahulugan
   C. pabalat
   D. wastong baybay

4. Sa diksiyonaryo, ang mga salita ay nakaayos na __________.
   A. pamalat
   B. padiksiyonaryo
   C. paalpabeto
   D. pakahulugan

5. Ang mga salita sa diksiyonaryo ay may ____________na kahulugan.
   A. pormal na kahulugan
   B. payak na kahulugan
   C. di-pormal
   D. sunod-sunod

6. Alin ang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita ayon sa tamang gamit ng diksiyonaryo?
   A. abot, alam, ayos
   B. lamog, lampas, lamig
   C. gapang, gamot, gapos
   D. dusa, dagat, daloy

7. Alin ang nagpapakita ng wastong bigkas ng salitang **kalayaan**?
   A. kala yaan
   B. ka•la•ya•an
   C. ka-layaan
   D. kalaya-an

8. Anong salita ang maaari mong makita sa pagitan ng pamatnubay na **pagyaya - pahilis**?
   A. pahalagahan
   B. pihikan
   C. palakpak
   D. palahaw

9. Ang **bukid** ay ngalan ng isang lugar. Saan mo hahanapin ang pananalitang kinabibilangan ng **palamuti**?
   A. salitang-ugat
   B. kasigkahulugan
   C. bahagi ng pananalita
   D. gabay na salita

10. Alin sa mga salita ang hindi kabilang sa katangiang taglay ng diksiyonaryo?
   A. kahulugan
   B. balita
   C. wastong bigkas
   D. tamang baybay

Binabati kita! Natapos mo ang unang pagsub
Alamin natin sa **pahina ng susing sagot** ang wastong sagot sa mga tanong.


Saang antas ka nabibilang?

8-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY!
5-7 tamang Sagot – MAGALING!
1-4 tamang sagot – PAGBUTIHAN PA.
0 tamang sagot – KAYA MO YAN!




# Aralin 1 Paggamit ng Diksiyonaryo

Malaking tulong ang diksiyonaryo sa pagbibigay ng kahulugan ng mga salita, subalit mas lalo mo pang mapahuhusay ito kung alam mo ang iba't ibang bahagi nito.



## *Balikan*

Naalala mo pa ba ang itsura ng isang diksiyonaryo?




Ito ay isang pahina ng kuhang- larawan ng Diksiyonarong Filipino.

*Ano-ano ang bahaging nakikita mo sa larawang ito?*

*Mahalaga bang matuto kang gumamit ng diksiyonaryo?*



**_Mga Tala para sa Guro_**

Mainam na may sariling maliit na diksiyonaryo ang mga bata. Alamin kung sino-sino ang may diksiyonaryo sa kanilang tahanan.


Ipakilala rin ang elektronikong diksiyonaryo bilang alternatibong gamit kung walang nakalimbag na diksiyonaryo.

## *Tuklasin*

*Magsimula ka rito.*

Basahin mo ang tula sa ibaba at kilalanin mo ang mga bahagi at mahahalagang gamit ng diksiyonaryo.

**Kaibigang Diksiyonaryo**
*Ni: Jon-Jon A. Oyales*



Ako'y may kaibigang puno ng talino,
Kahulugan ng mga salita'y taglay nito;
Madaling mahanap 'pagkat naka alpabeto,
Pamatnubay na mga salita ay magagamit mo.

Pormal na kahulugan ng salita'y matatagpuan,
Kasalungat man o katumbas ito;
Bahagi ng mga pananalita't wastong baybay ay naririto,
Tamang bigkas ng salita'y ituturo sa'yo.

Itanong mo lahat ng kaalaman dito,
Kaniyang sagot ay tiyak at sigurado;
Hatid niya'y dunong at talino,
'Yan ang kaibigan kong diksiyonaryo.

Ayon sa tula, ano-ano ang bahagi ng diksiyonaryo?
*Sagot: Salita, Kahulugan, Pamatnubay na Salita, Tamang Bigkas, Wastong Baybay, at Bahagi ng Pananalita.*






## *Suriin*

Balikan mo ang binasang tula at basahing isa-isa ang mga mahahalagang bahagi ng diksiyonaryo.


Pansinin ang ilustrasyon sa ibaba.



**Balikan mo ang ilustrasyon at sagutin ang sumusunod na tanong:**

1. Ano ang dalawang pamatnubay na salita?
   ***Palakat – Palanggana***
2. Anu-anong salita naman ang makikita mo sa loob ng dalawang pamatnubay na salitang ito?
   ***palakaw, palalos, palamuti,***
3. Ano ang tamang bigkas at baybay ng salitang **palakaw**?
   Pa •la •kaw
4. Ang salitang-ugat ng **palalos** ay ________.
5. Ibigay ang kahulugan at kasingkahulugan ng salitang **palamuti.**

*Ngayong kilala mo na ang iba't ibang bahagi ng diksiyonaryo, maituturo mo ba ang mga bahagi nito sa sarili mong diksyunaryo?*
*Sige nga hanapin mo.*



**Alin-alin ang mayroon ka?**

*kahulugan, baybay, bahagi ng pananalita, at pamatnubay na salita*

**Ano naman ang wala sa iyong diksiyonaryo?**

*wastong baybay*

**Sa mga bahagi ng diksiyonaryo, alin kaya ang makatutulong sa iyo para mahanap mo nang mabilis ang mga salita?**

*Pamatnubay na Salita*

**Bakit?**

*Dahil ito ang nagsisislbing gabay kung ang salitang hinahanap mo ay matatagpuan sa pahinang iyon sa pagtingin lamang sa mga gabay na salita.*



**Lagi mong tatandaan...**

Ang **diksiyonaryo** ay isang aklat na nagtataglay ng mga kahulugan ng mga **salitang isinaayos sa paraang paalpabeto**.

**Bahagi ng Diksiyonaryo**:


**Pamatnubay na Salita -** nagsisilbing gabay sa iyong paghahanap ng mga salita.

**Wastong Baybay -** tamang ispeling o pagkasulat ng mga pinagsama-samang letra ng isang salita

**Wastong Bigkas -** tamang tunog sa bawat pantig ng salita

**Katuturan -** nagtataglay ng kasingkahulugan, kasalungat at iba pang katawagan

**Bahagi ng Pananalita**- ito ay tumutukoy sa gamit ng salita bilang pangngalan, pang-uri, pandiwa o pang-abay



mamimipi

BUYER, CLIENT, CONSUMER, CUSTOMER, KOSTUMER, PAROKYANO.

**ma·mi·mí·pi** *png [ST mang+pipi]:* manggagawa ng palayok.

**mám·in** *png Bot [Hil Seb Tag War]:* ilanó.

**ma·mín·san·mín·san** *pnb [ST ma+minsan-minsan]:* paminsan-minsan.

**ma·míng** *png Zoo:* uri ng wrasse (genus *Cheilinus*) na may mamulá-mulang bátik sa katawan *var* mameng: HIPOS, MAORI WRASSE, MARINGYAN.

**má·mis** *png [ST]:* minatamis na niyog.

**mam·ís** *pnr:* umasim dahil sa maling pag-imbak, gaya ng umasim na alak.

**ma·mí·tik** *png Bot [ST]:* uri ng halaman.

**ma·mít·win** *png Zoo:* uri ng ilahas na páto (family *Anatidae*) Cf PATONG-BUNDÓK.

**mam·la·gá·as** *png Zoo [Bik]:* bitilya.

**mamma** (má·ma) *png [Ing]:* ináy.

**mammal** (má·mal) *png [Ing]:* vertebrate (class *Mammalia*) na may kakayahang magkagatas at magpasúso sa mga anak Cf MAMALYA.

**mam·ma·li·túk** *png Zoo [Ilk]:* mamalitok.

**mam·má·nu** *png Zoo [Ibu]:* ibon.

**mammary** (má·ma·ri) *pnr Ana [Ing]:* hinggil sa súso o mga organo na nagbibigay ng gatas.

**mammography** (ma·mú·gra·fi) *png Med [Ing]:* teknik sa X ray upang malaman o matukoy ang mga abnormalidad ng súso.

**Mammon** (má·mun) *png Mit [Ing]* **1:** diyos o diyablo ng kasakiman **2:** kayamanan na sinasamba o impluwensiya ng demonyo.

**mammy** (má·mi) *png Kol [Ing]:* ináy.

**ma·mó** *png Bot [Bik]:* namí.

**má·mok** *png:* latik.

**mám·on** *png [War]:* ngangà.

**mā·mon** *png [Bik]:* ngangà.

**ma·món** *png [Esp]:* uri ng malambot na keyk.

**ma·món·bong** *png Zoo [Seb]:* lápulápu.

**má·moy** *png [War]:* amá ng lolo o lola.

**mam·pák** *png Zoo [Bik]:* tulingan.

**mam·pós·te·rí·ya** *png [Esp mampostería]:* pamamaraan ng pagsasalansan ng maliliit na bató upang higit na tumibay ang dingding o bakod.

**mam·sá** *png Zoo:* malapandó.

**mám·sa** *png Zoo [Seb]:* talakitok.

**ma·mú·gak** *png [Iba]:* hapúnan.

**ma·mú·hag** *png Zoo [ST]:* ibong mandaragit, malaki, katulad ng gabilan, o milano.

**ma·mu·láng** *pnr [Kap]:* hibáng.

**ma·mú·lis** *png Bot [ST]:* uri ng halaman.

**ma·mu·lú·bi** *pnr [mang+pulubi]:* naging pulubi o naghikahos.

**Ma·mu·mú·got** *png Mit [mam+pu+pugot]:* tao na pinaniniwalaang nagtipon ng pinugot na ulo.

**ma·mu·mú·got** *png Zoo:* tarát-san-diego.

**ma·mu·mu·hú·nan** *png Kom [mang+pu+puhunan]:* tao na may puhunan sa negosyo: INVESTOR, KAPITALISTA.

**ma·mu·múng·got** *png Zoo [Seb]:* tarát-san-diego.

**ma·mún** *pnd* **mag·ma·mún, ma·mu·nán** *[Kap]:* magpaalam o paalamán.

**ma·mung·ól** *png Zoo:* usá na naputulan ng mga sungay.

**ma·mú·ra** *pnr [Pan ma+mura]:* múra.

**ma·mú·so** *png Bot:* uri ng ilahas na kabute.

**ma·mú·yot** *png [ST]:* agimat para sa kapayapaan.

**man** *png [Ing]* **1:** laláki **2:** tigulang na laláki o laláking may mga katangiang pisikal na naiiba sa babae o batà **3:** tao.

**man** *pnb* **1:** sinusundan ng *lámang*, nagsasaad ng pinakamaliit na aksiyon, *hal* "Pakita ka man lámang." **2:** sumusunod sa *hindi* at sinusundan ng *lámang* at nagsasaad ng hinanakit, *hal* "Hindi man lámang nila ako sinundo" **3:** din, *hal* "ikaw man," "siya man."

mánag

**man-** *pnl* **1:** varyant ng *mang-*, pambuo ng pandiwa, ginagamit bago ang salitang-ugat na nagsisimula sa katinig na *d,l,r,s,t* at kung minsan ay tinatanggal ang *s o t*, *hal* dakot–mandakot, silip–manilip, takot–manakot **2:** pambuo sa pangngalan na nagsisimula sa *d,l, r,s,t* at tinatanggal kung minsan ang *s o t*, inuulit ang pantig nitó, *hal* dakot–mandadakot, silip–maniliilip, takot–mananakot.

**man** *pnb:* karaniwang isinusunod sa *alin, ano, kailan, at sino*, at nangangahulugang "kahit," *hal* alinman, anuman, kailanman.

**má·na** *png [Bik Tag]* **1:** **pa·má·na'** anumang isinasalin o ibinibigay ng magulang sa mga anak, kamag-anak, o ibang tao bago mamatay: BUROT, ERENSIYÁ, HERITAGE, INHERITANCE, KABILIN, LEGADO, TÁWID **2:** **pa·má·na'** ang tinanggap mula sa isang namatay: BUROT, ERENSIYA, INHERITANCE, KABILIN, LEGADO, TÁWID **3:** *Bot [War]* kanéla.

**ma·ná** *png Bot [Esp]* **1:** palumpong (*Jatropha multifida*) na maliit, madagta, at lila ang bulaklak, katutubò sa tropikong Amerika: CORAL PLANT **2:** palumpong o punongkahoy (genus *Erythrina*) na may malálaking pumpon ng bulaklak.

**má·na** *pnb [ST]:* nagpapaliwanag ng bagay na malinaw, ipinakikita, at ipinakilala, karaniwang nangangahulugang ito o narito.

**ma·ná** *pnb:* samakatwid.

**mana-** *pnl [ST]:* nangangahulugang sa bawat isa, at inilalagay sa unahan ng bilang, *hal* manaikapat.

**Ma·na·á** *pdd [ST muna+a]:* Narito na! Tingnan mo ito!: MANDIA!

**ma·na·a·móng** *png [Pan]:* písan.

**ma·ná·an** *png Bot [Mrw]:* búnga.

**ma·na·án** *pnr Mat [mang+daan]:* tig-isang daan, gaya ng manaang piso.

**ma·ná·da** *png Zoo [Esp]:* kawan ng mga ibon.

**ma·ná·dor** *png Zoo [Ilk]:* barakong hayop na ipinapalahi sa kapuwa hayop.

**má·nag** *png [ST]:* tinipil na **banáag**.

UP DIKSIYONARYONG FILIPINO 751

## *Pagyamanin*

**Panuto A:** Hanapin at kopyahin ang tinutukoy na bahagi ng diksiyonaryo sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot sa mga pamimilian sa kahon.

| | |
|---|---|
| (A) Pala-mi-gan | (B) *png* |
| (C) (pa+lamig+an) | (D) pook o kasangkapan para sa pagkain at inumin na kailangang malamigan, hal |
| (E) cooler, repriherador, ice box. | |

1. Bahagi ng pananalita –
2. Baybay at bigkas ng salita –
3. Kahulugan ng salita –
4. Salitang-ugat –
5. Kasingkahulugan –

**Panuto B:** Pagsunod-sunurin ang pangkat ng mga salita sa paalpabetong paraan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. agimat | almusal | bagay | bala | baga |
| 2. upuan | korona | blusa | libro | yero |

Ang galing-galing mo! Natapos mo ang pagsasanay. Saang pagsasanay ka nahirapan?

___ pagsasanay A, o sa ___ pagsasanay B?

Gayunpaman, binabati kita sa iyong tagumpay!





## *Isaisip*

*Subukin mong punan ng angkop na salita upang mabuo ang kaisipan ng tula*

Ang **DIKSIYONARYO'Y** mahalaga
Sa pagbibigay-__________,
Mga salitang hinahanap
Madali lang,
Kapag **Pamatnubay na salita**
Iyong tiningnan.
Kaya't ito'y ingatan
Tunay mong ________.

Kaya mo ba itong gawin? Magaling!

## *Isagawa*

Upang lubos na masanay, subukin mo pa ang gawaing ito.

**Panuto**: Isulat nang paalpabeto ang mga salita sa hanay **A** at piliin ang katumbas na kahulugan nito sa hanay **B**. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. aklat | A. tubig alat |
| 2. kalangitan | B. lasa ng suka |
| 3. asim | C. naglalaman ng sisiw |
| 4. dagat | D. himpapawid |
| 5. itlog | E. libro |

Paalpabetong ayos ng mga salitang nasa hanay A:

______________, ______________, ______________,

______________, ______________,

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang pagsasanay, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng **Susi sa Pagwawasto** sa **pahina 18.**

## *Tayahin*

Hanggang saan na ba ang iyong natutunan sa ating aralin?

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot ayon sa hinihingi ng mga pahayag.

1. Piliin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita ayon sa gamit ng diksiyonaryo.
   A. tapat, talino, tikas
   B. saya, suyo, sayaw
   C. kaibigan, kalayaan, kapatid
   D. abot, alam, ayos

2. Gusto mong alamin ang tamang kahulugan ng salitang **pagaspas**. Saang bahagi ng diksiyonaryo ito matatagpuan?
   A. Baybay na salita
   B. Pamatnubay na salita
   C. Katuturan
   D. Bahagi ng pananalita

3. Sa anong bahagi ng diksiyonaryo matatagpuan ang pananalitang kinabibilangan ng **himpapawid**?
   A. salitang-ugat
   B. kasingkahulugan
   C. bahagi ng pananalita
   D. gabay ng salita

4. Anong salita ang maaaring makita sa pagitan ng **agad - aso**?
   A. bilog
   B. ulap
   C. ahas
   D. paso

5. Ano ang makatutulong para madaling mahanap ang isang salita?

A. wastong baybay
B. pamatnubay na salita
C. pabalat
D. kahulugan

6. Tamang baybay ng salitang **tiwasay**.

A. tiwa-say
B. ti-wa-sa-y
C. ti-wa-say
D. ti-wasay

7. Sa paanong paraan nakaayos ang mga salita sa diksyonaryo?

A. Pa-alpabeto
B. Pakahulugan
C. pamalat
D. padiksiyonaryo

8. Saang bahagi ng diksiyonaryo matatagpuan ang kinabibilangang ng salita?

A. bahagi ng pananalita
B. salitang-ugat
C. kahulugan ng salita
D. kasingkahulugan

9. Anong uri ng kahulugan ng mga salita ang matatagpuan sa diksiyonaryo?

A. sunod-sunod
B. pormal na kahulugan
C. di-pormal
D. payak na kahulugan

10. Anong salita ang makikita sa loob ng gabay na salitang **palahaw** - **palakpak**?

A. palaman
B. Palamara
C. palaki
D. palangga

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **pahina 18**.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?



## *Karagdagang Gawain*

Para hindi mo makalimutan, magsanay pa sa paggamit ng diksyunaryo.


A. Sa tulong ng pamatnubay na salitang **antas** at **buhok,** isulat ang mga salita nang magkakasunod. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

antas agaw buhok bantay binti

1________2________3________4________5________

B. Muling hanapin sa diksiyonaryo ang kahulugan ng mga salitang nakasulat sa ibaba.   Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. kubo
2. lambat
3. tilamsik
4. tulay
5. lumot



## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin:**

A.
1. C
2. D
3. A
4. C
5. A
6. A
7. B
8. A
9. C
10. B

**Tuklasin:**

*Ang kasagutan ay nasa parehong pahina nito*

**Suriin:**

4. lalos
5. *Nakasulat sa diksiyonaryo sa pah.7*

**Pagyamanin:**

**A.**
1. B
2. A
3. D
4. C
5. E

**B.**
1. Agimat,almusal, baga, bagay, bala
2. blusa, korona, libro, upuan, yero

**Isaisip:**

**kahulugan**

**kaibigan**

**Isagawa:**

1.E
2. D
3. B
4. A
5. C

**Aklat, asim, dagat, kalangitan, itlog**

**Tayahin:**

1. D
2. B
3. C
4. C
5. C
6. C
7. A
8. A
9. B
10. C

## Karagdagang Gawain

A. agaw, antas, bantay, binti, buhok

B. *Guro ang magwawasto.*